# Ang Kababaihan at Pambansang Kamalayan*

MA. LUISA T. CAMAGAY

This article documents the fight for the liberation of the mother country from the perspective of the history of women in the Philippines. It chronicles the struggles of women to obtain their own freedom and liberation through our various historical periods, moving from their earliest demand for education to their not-insignificant participation in the various wars of liberation, first from the Spaniards to the current struggle for economic and cultural independence from foreign influences. It also raises the issue of whether the struggle for the liberation of the country brings with it the liberation of women in society.

## Introduksiyon

Malungkot man sabihin ngunit tutoo na hindi nababanggit ang kababaihan at ang ambag niya sa pagbubuo ng pambansang kamalayan. Para bang ang kalalakihan lamang ang may kakayahan sa mga matatayog na mga ideya gaya ng pagmamahal sa Inang Bayan o ng nasyonalismo. Mabuti na lamang na ang kababaihan ay unti-unting namumulat sa pangangailangan na isama sila sa mga pahina ng ating kasaysayan, lalo na sa pagbubuo ng pambansang kamalayan.

Makahulugan na ang salitang Inang Bayan at Inang Pilipinas ay kapwa nakahayag sa kasariang pambabae. Ito ay nangangahulugan na ang babae ay may lipos na damdamin para sa bayan. Ang mga katangian gaya ng pagmamahal at

---

* Binasa sa ika-11 Kumperensyang Pambansa sa Kasaysayang Lokal noong ika-26 ng Oktubre 1990 sa Lungsod ng Naga.

pag-aaruga ay likas sa mga kababaihang Pilipino kaya't ang pagmamahal sa bayan ay malapit sa kanilang puso at karanasan.

Nilalayon ng maikling papel na ito na ipakita ang ambag ng kababaihan sa pagbubuo ng pambansang kamalayan.

## Ang Babae sa Loob ng Kolonyalismong Espanyol

Noong pagdating ng mga Kastila, ipinamalas ng mga Pilipina ang kanilang pagtutol sa malaking banta ng pananakop. Ang malakas na reaksyon ay nakita sa larangan ng mga babaylan o katalonan. Nakita ng mga ito ang pagguho ng katutubong kalinangan sa pagdating ng mga Kastila. Kaya't sa pag-aalsa laban sa mga Kastila, ang ilan sa mga ito ay pinasimuno ng mga babaylan o katalonan.

Bagaman sinikap na ihubog ng mga Kastila ang ating kababaihan batay sa kanilang pagtataya ng isang babae, hindi rin sila lubusang nagtagumpay. Sinikap ihubog ng relihiyon at edukasyon na ang Pilipina ay dapat maging kimi, mayumi at mapagtiis. Taliwas sa larawang ito ang kinalabasan ng mga Pilipina. Ang Pilipina ay lumalaban kung ang kanyang pagkatao ay hindi ginagalang. May nababasa tayo na pagwewelga ng mga sigarera noong panahon ng Kastila. May nababasa tayo na pagpepetisyon ng mga tindera noong 1801 na huwag silang paalisin sa kanilang mga puwesto sa Santa Cruz. Nandiyan ang kahilingan ng ilang kababaihan sa Malolos na payagan silang mag-aral ng Kastila. Ang mga ito ay malinaw na katibayan na hindi naging kimi ang mga Pilipina.

Ang ating gustong malaman ay paano ipinamalas ng mga Pilipina ang kanilang paglingap sa Inang Bayan. Ang katibayan ng pagtutol ng babae sa dayuhang mananakop ay isang tula na nilikha ng kalipunan ng mga babae sa Heraldo Filipino noong 1899.[1] Mababasa ang ganitong mga saknong:

*Halina at tayo'y manandatang lahat itangol ang dangal nitong Pilipinas sa alinmang nacici at huag ipayag na mapagharian tayong mga anak.*

*Ang pagsasarili'y ating ipaglaban hangang isa pa sa ati'y may buhay at dito'y wala na silang pagharian kundi ang ating mga dugo't bangkay.*

*Masakop man tayo ng kuhilang Yankis ay mamatay rin sa mga pasakit mahalaga'y mamatay sa pagtatangkilik nang dapat igalang na ating matuwid.*

*Dahilan sa ating Santong katuwiran ay atin ang lubos na pagtatagumpay, ang awa ng langit ay pakaasahang tutulong sa atin nang pakikilaban.*

Ang mga lumikha ng tula ay sina Victoria Lactaw, Feliza Kahatol, Patricia Himagsik, Dolores Katindig, Felipa Kapuloan at Victoria Mausig. Napakagandang isipin na isang kolektibong pagsusulat ng tula ang nagmula sa hanay ng mga kababaihang Pilipino.

## Ang Pag-usbong ng Damdaming Makabayan sa Filipina at ang Dalawang Mukha Nito

Sinikap isiil ng mga Amerikano ang mga damdaming makabayan sa mga Pilipino. Ipinagbawal ang pagwawagayway ng ating bandila. Ito ay umudyok kay Enriqueta de Peralta na isulat sa kanyang tula na pinamagatang "Ang Ating Bandila."[2]

*At nasaan ka na, O matimyas na Bandila hinahanap namin ang iyong paglingap nasasabik sa ligaya, kailan kami makababalik sa lilim iyong pagpapala kaming naghahangad ng pagkupkop ng naglahong paglaya.*

Sa panahon na ito, ang malakas ng kahilingan ng mga Pilipina ay isang mulat na edukasyon. Ito ay unang ipinamalas ng kababaihan ng Malolos. Patuloy itong hiniling

ng mga kababaihan na kung demokrasya ang ibig itatag ng mga Amerikano, ang edukasyon ay dapat matamasa ng hindi lamang ng mga lalaki kung hindi pati na rin ang mga babae. Isinulat ito ni Concepcion Felix:[3]

> *Kung hinahangad natin ang tunay na pagkakatulad-tulad ng mga mamamayan (democracia); kung ibig natin ang taung-bayan na magkatunay na kalayaan, may karapatan maglagak ng kanyang pasya sa anumang bagay na nauukol sa bayan, may lubos na pagkatalastas sa magiging bunga ng kanyang ginagawi; walang kabukuhan sa mga "anting-anting"; sa mga kababalaghan at iba pang mga taong masalita upang malinlang at pakinabangan sila; kung gayo'y wala tayong ibang paraan kundi ihanda ang mga babae, maging dalaga man, maging may-asawa, sa pagkakaroon ng ganap na karunungan (anumang taas ng karunungang ito) na sa panahong lumalakad, ay di dapat maging sarili ng lalaki lamang o ng mga nagdidiyus-diyusan ng kanilang sariling karunungan kundi ng lahat ng taong bayan bagama't kadusta-dustaan.*

Masasabi sa puntong ito na hangarin ng ating kababaihan ang kalayaan at ang pagkapantay-pantay ng babae at lalaki sa karunungan. Sinasalamin dito ang paniniwala na may kaugnayan ang pambansang hangarin at ang kalagayan ng kababaihan. Magiging lubos at ganap lamang ang pagkakapantay-pantay ng tao na siyang saligan ng demokrasya kung ang babae ay mulat rin sa kanyang mga karapatan at pananagutan.

Sa harap ng ganitong mga pag-iisip, makikita natin ang simula ng pag-oorganisa sa hanay ng mga babaeng Pilipino. Isa sa mga unang samahan na itinatag ay ang Asociacion Feminista Filipina noong 1905. Ang unang tagapangulo ng samahang ito ay si Concepcion Felix na ating nakilala bilang isa sa humihiling ng pagkakataon na makapag-aral ang mga babae. Ang samahang ito ang nilapitan ng mga Amerikanong *suffragettes*

upang kumbinsihin silang ipaglaban na ang Pilipina ay magkaroon ng karapatang bumoto. May pag-aatubili ang mga kasapi ng Asociacion Feminista Filipina sa mungkahing ito. Inamin ni Concepcion Felix Rodriguez na hindi pa handa ang mga kababaihang makilahok sa mga pampulitikang aksyun.

Naging mahaba at matagal ang pakikibaka ng kababaihan sa paghiling ng karapatang bumoto ngunit nagtagumpay rin sila noong 1937. Samantalang nakikibaka ang ilang mga kababaihan para makamit ang karapatang bumoto, may ilang kababaihan naman na kasapi sa ilang mga samahan ng magsasaka na pinaglalaban ang higit na radikal na layunin— ang kalayaan ng Pilipinas. Ang mithiing ito ay binigkas ni Salud Algabre, isang Sakdalista.

Sa isang panayam, tinanong kay Salud Algabre kung ang kahirapan na dinadanas niya ang dahilan ng pakikisapi niya sa samahan ng mga Sakdalista. Ang kanyang naging sagot ay ito:[4]

> *Hindi lamang kahirapan ang naging dahilan kaya't naging kasapi ako ng Sakdal. May ugat ang kahirapan na ito at ito ay malulutasan sa pamamagitan ng kalayaan na ipinangako ng mga Amerikano. Ang kalayaan ang tanging solusyon ng mga suliranin ng ating bayan. Magmula noong kami ay Nasyonalista hangga't kami ay naging mga Democrata, ang kalayaan ang aming pinaglalaban. Wala na akong nakikitang solusyon sa suliranin ng pag-aabuso at kahirapan maliban na lamang sa kalayaan. Pagka tayo ay malaya, ang mga liderato ay hindi na ganoon kalakas. Magkakaroon ng kalayaan ang mga tao. Ang mga tao ay magkakaroon ng sarili nilang lupa. Ang mga lupa ay hindi magiging monopolyo ng mga proprietarios at mga kawani ng pamahalaan. Sa ngayon, kami ay salat sa lahat ng bagay.*

Makikita natin sa panahong ito na dalawang uri ng pakikibaka ang nilahukan ng mga kababaihan. Ang isa ay ang parliamentaryo o mapayapang paraan at ang pangalawa naman

ay ang armadong paraan. Magkaiba man ang paraan, isa lamang ang kanilang hiling, ang kalayaan ng bayan. Ang paghiling ng karapatang bumoto ay tinuring ng mga kababaihan na paraan tungo sa pagtamo ng kalayaan ng Pilipinas. Ang pagbigay ng karapatang bumoto sa mga babae ay kinilala na nagdudulot ng kabutihan sa pamahalaan. Ito ay gaya ng nabanggit ng isang Amerikano bilang paliwanag sa kabutihan ng pagbibigay sa kababaihan ng karapatang bumoto:

> *I should insist that one of the necessary points in such a plan (referring to Governor Forbes' plan of self-government on the dominion basis for the Philippines) should be the immediate enfranchisement of the Filipino woman. For among her people, besides the energizing and stabilizing influence and the homemaker, she is the moral factor that will keep her more adventurous and unstable menfold on the road which leads to advance and independence.*[5]

Sabihin na natin na napakakolonial ang ganitong mga salita ngunit ganoon pa man, nagkatugma ang mga interes ng mga kababaihang Pilipino at ng mga mananakop na Amerikano. Kung ating titingnan ang mga katuwiran ng mga supragistang mga Pilipino, higit na makatuwiran at makatotohonan ang kanilang paliwanag. Ito ay mababakas natin sa kanilang panawagan sa mga kababaihan na makilahok sa gaganapin na plebisito:

> *Women of the Philippines, if you participate in the coming referendum, your name shall be written indelibly on the pages of our history, and your descendants will be proud of you and call you emancipators of the women in your country.*
>
> *Once you become an elector, you shall attain the same political status as men. You can help directly to elect to public office a worthy candidate; you can help defeat a dishonest and incapable aspirant. In a democratic country, the ballot is the most effective*

*instrument in the hands of the average man. Without it, the average man is a forgotten man; but with it, the average man becomes the most powerful man in the country. Government officials listen attentively to his pleas and complaints, knowing that he is a voter whose vote on election day must be reckoned with. To the average man, the ballot is an insurance against oppression and injustice; and let this be borne in mind by our women who will soon be enfranchised. As women voters, we can wield a salutary influence on politics if we use our power to combat corruption, injustice and oppression. Let us be judicious in the use of our newly acquired right, aware with the responsibility that goes with it.*[6]

Ang ganitong paghimok sa mga kababaihan ay naghikayat sa mga kababaihang lumabas at bumoto sa plebisito. Higit sa tinakdang bilang na 300,000 ang sumagot ng ***Oo*** sa tanong kung bibigyan ang kababaihan ng karapatang bumoto.

Ang kalayaan ng Pilipinas ay patuloy na naging hangarin ng mga kababaihang Pilipino. Ito ang umudyok sa kanila upang maging kasapi sa Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon o Hukbalahap. Ang mga dahilan ng pagiging kasapi ng Hukbalahap sa hanay ng kababaihan ay iba-iba. Nariyan ang matinding galit sa Hapon, ang hangad na makapaghiganti sa mga Hapon dahil sa ginawa nito sa isa o maraming miyembro ng pamilya, ang pag-anyaya ng mga kasapi na ng samahan at ang mithiin na makitang malaya na ang bayan.[7] Natakda sa mga kababaihang kasapi ng Hukbalahap ang mga gawaing sulatin, panggamot, pag-oorganisa, at iyong may kaugnay sa *propaganda.* Sila ay nagsilbi rin bilang kuryer ng samahan. Iniulat ni Araceli Mallari, isang organizer ng Hukbalahap, ang kanyang tungkulin noong panahon ng Hapon:

*Dito ko inumpisahan ang aking pagiging organizer. Tinatanggap ko ang mga ulat. Karamihan sa mga courier namin ay babae. Marami silang iniuulat hinggil sa kalagayan ng mga kasapian sa iba't*

> *ibang lugar na sakop ng kilusan. Kung meron naman kaming bagong recruit na organizer, ako ang nakikipagpanayam at nagbibigay ng mga tanong na pagsubok sa kanilang katapatan at katatagan sa anumang panganib na sasapit sa kanila. Bukod sa pagtanggap sa mga ulat nila ay tinatalakay ko ang bagong dokumento at patakaran na pinagtibay sa mataas na kapulungan. Halimbawa ay ang patakaran ng Harvest Struggle at ang paraan ng pagsasagawa nito. Nag-oorganisa rin ako ng first aiders na magtayo ng isang emergency hospital sa gawi namin sa gubat. Tinuruan ko ang mga ito sa paggawa ng mga gasa mula sa kulambo at pag-isterilize nito.*[8]

Sinalaysay rin ni Gng. Filomena Tolentino, opisyal ng Katipunan ng Bagong Filipina, ang kanyang naging papel sa loob ng Hukbalahap.

> *Naniniwala ang kilusan na sa pamamagitan ng paglalabas ng drama, awit at dula ay madaling maipa-abot ang mensahe na layunin ng mga Gerillang nagpakasakit, nagbuwis ng buhay at dugo makalaya lamang ang bansa at mahango ang taong bayan sa dinadanas na katakot-takot na karahasan at kagutuman. Gayun din sa pamamagitan ng Cultural Group na ito ay madaling makumbinse ang mga mamamayan na maki-isa upang lumahok o sumuporta sa bansang Pilipinas, pagka't iniwan sa kamay ng Pilipina ang pagtatanggol. Ang bansa ay di naman tuwirang kagalit o kaaway, kundi nasangkot lamang sa digmaan na ang may kagagawan ay ang bansang Amerika.*[9]

Matatayog ang mga damdaming ito mula sa mga kababaihan ng Hukbalahap. Pinahihiwatig ng kanilang mga salita ang kanilang kamulatan sa kasalukuyang kalagayan ng ating bayan.

Talos natin na pagkaraan ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, hindi kinilala ng pamahalaan ang Hukbalahap kaya't

napilitan itong maging isang palihim na samahan. Sa panahong ito, ang Hukbalahap ay naging Hukbong Magpapalaya sa Bayan.

## Kalayaan ng Bayan, Kalayaan ng Babae

Sa dekada ng 60, nagdanas ang bayan ng krisis pang-ekonomiko. Dinagdagan pa nito ang hiling ng mga Amerikano na makilahok tayo sa Guerra ng Biyetnam sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang *civic action group*. Ito ay nakilala sa tawag na Philippine Civic Action Group o Philcag. Ang hiling na ito ay nagbunsod ng demonstrasyon ng mga estudyante sa Summit Conference na idinaos sa Maynila. Tinuligsa ng mga estudyante ang pagiging papet ng mga Amerikano ang mga Pilipino. Binatikos nila ang pamahalaang Marcos na tumutulong sa pag-aapi ng mga tao ng Biyetnam na ang tanging hangad ay mapalaya ang sariling bayan. Sa kontekstong ito naitatag ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o Makibaka. Sa unang pagkakataon, nagkaroon ng "samahan ng mga babae sa loob ng malawak na pambansang demokratikong kilusan na nag-uukol ng pangunahing atensyon sa kuwestiyon ng kababaihan." Ipinamalas ng samahang ito ang kanilang pagkabahala sa umiiral na pagtingin sa mga kababaihan sa pagpiket ng paligsahan sa pagandahan kung saan tinutulan nila ang paggamit ng babae bilang *sex object*. Liban sa kalagayan ng kababaihan, pinagtuunan rin ng pansin ng Makibaka ang mga mahirap sa lungsod at kanayunan.

Noong ideneklara ang Batas Militar, ang *Makibaka* ay nawala kasama ng ibang mga kilusang makabayan.

Si Lorena Barros ang naging unang pangulo ng *Makibaka*. Siya ay dating estudyante ng antropolohiya sa Pamantasan ng Pilipinas at kasapi ng U.P. Writer's Club. Ipinamalas ng kanyang mga tula ang kanyang pagkiling sa mga nagbabagang isyu noong panahong iyon. Ito ay sinalamin ng kanyang tula na pinamagatang "A Park is Born".[10]

*Tonight the cogon fires.*
*Tomorrow the heavy tractors*
*tearing at the roots of ashes*
*We must destroy in order to create*
*the lovely and the irrelevant,*
*the park now a blueprint dream in*
*some first lady's drawer. (Some years*
*ago, Bobby Kennedy was here. They*
*covered the shanties with cosmetic palm.)*
*Yes, we must have a park,*
*a green and beautiful sight*
*to rest our weary eyes. And*
*tomorrow the rumble of tractors*
*not quite drowning the convulsed roll*
*Of evictees feet.*

Sa tulang ito, maliwanag na binabatikos ang prioridad ng Unang Ginang sa pagtatatag ng *park* sa halip na pagtuunan ng pansin ang suliranin ng kahirapan.

Hindi naglaon, si Lorena Barros ay naging kasapi ng New People's Army (NPA) dahil sa kanyang paniniwala na ang kababaihan ay kasama ng mga kalalakihan sa armadong pakikibaka.[11] Siya ay namatay sa isang enkuwentro sa Quezon noong 1976.

Mahirap alamin ang naging partisipasyon ng mga kababaihan noong mga kritikal na panahon mula 1972 hanggang 1978 dahil sa pagsupil ng mga kalayaan.

Bunga ng kawalan ng pag-asa ng mga taong bayan sa halalan ng Interim Batasan Pambansa noong 1978 kung saan hindi lumabas ang lahat ng mga kandidato ng oposisyon tulad ni Benigno Aquino Jr., naglunsad ang isang grupo ng kababaihan ng samahang *Concerned Women of the Philippines.* Tinutulan ng samahang ito ang lantarang paglabag ng pamahalaan ng mga karapatang pantao.

Ang mga babaeng manunulat ay nagbuklod rin dahil sa pagtangka ng pamahalaan na sensurahin ang kanilang mga

sinusulat. Dito lumabas ang samahan na ***Women in Media Now*** o *WOMEN*. Humantong pa sa pag-iimbita ng ilan sa mga ito ng Militar upang siyasatin sila hinggil sa kanilang sinusulat. Ang walong inanyayahan ng militar ay sina Domini Torrevillas Suarez, Lorna Kalaw Tirol, Jo-ann Maglipon, Arlene Babst, Ninez Cacho-Olivarez, Ceres Doyo, Eugenia Apostol at Doris Nuyda.

Ang pagpaslang kay Ninoy Aquino noong 1983 ay nagbigay bunga ng higit na maraming kilusan ng kababaihan. Noong 1984, itinatag ang malawak na koalisyon ng *GABRIELA*, mga titik na tumatayo para sa ***General Assembly Binding Women for Integrity, Equality, Leadership and Action.*** Kasapi ng koalisyon ay ang mga samahang tulad ng *WOMB*, *AWARE*, *SAMAKANA*, *AMIHAN*, *KALAYAAN*, atbp. Ang naging tunguhin ng koalisyon ay mag-umpisa ng pagbabago sa bayan at hikayatin at buklurin ang mga kababaihan sa proseso ng pagbabago. Sabi nga ng isang pinuno ng *GABRIELA*: ***"Crisis is hard for women but it also affords us the chance to truly understand our plight and grasp the essence of our struggle for liberation as women and as Filipinos."*** [12] Ang pangunahing alituntunin ng GABRIELA ay ang mga sumusunod: (1) ang pagbabalik ng demokrasya; (2) ang tunay na kalayaan ng Pilipinas na kung saan ang kababaihan ay pantay na katuwang ng kalalakihan; (3) ang pag-unlad at pagsuporta sa mga babaeng manggagawa, pesante at *urban poor*, at (4) pag-alis ng mga puwersa na sumisiil sa kababaihan.[13]

Ang mga babae sa kanayunan ay nag-organisa rin. Nagtatag rin sila ng kanilang samahan na tinawag na Katipunan ng mga Bagong Pilipina o KABAPA. Nilayun ng KABAPA na ipaglaban ang karapatan ng mga kababaihan sa trabaho at ang pagkapantay niya sa mga kalalakihan sa harap ng batas. Maliban sa mga isyu na may kaugnayan sa kuwestion ng peminismo, tinalakay rin ng KABAPA ang mga malawakan na isyu na hinarap ng bansa gaya ng pagsasatupad ng tunay na repormang agraryo, pagbabalik ng mga base militar ng mga Amerikano sa Pilipinas, at ang pagbigay sa mga Pilipino ng mga mahahalagang industriya.[14]

Ating mapupuna na mahalaga para sa mga samahang nabanggit na kailangang tunghayan ang katayuan ng kababaihan upang magkaroon ng tunay na kalayaan ng bayan.

Hinangad ng maraming samahan ng kababaihan ang pagbagsak ng Pamahalaang Marcos. Ito ay kanilang ipinaalam sa pamamagitan ng mga malikhaing pamamaraan gaya ng mga pasyalan sa Rustans, "*guerilla pickets*" at "*prayer vigils*" of *Concerned Women for Reconciliation*. Itong huli ang nagkolekta ng mga lagda upang suportahan ang balak na ilunsad si Cory bilang kandidata para sa Pangulo ng Pilipinas.

Ang *snap election* ng 1986 ay naging labanan ng kasarian at moralidad. Kinampanya ng mga samahan ng kababaihan si Cory bilang lehitimong alternatibo kay Marcos. Sa unang pagkakataon, nagkaroon ng isang babae para sa pinakamataas na posisyon ng bayan. Naging dagdag kay Cory ang kalinisan at katapangan niya. Si Cory ay nahalal na Pangulo. Sa pagkakataong ito, hindi umiral ang *patronage politics* kung hindi ang simpleng hangad ng taong bayan ng pagbabago.

Patuloy ang pagsisikap ng mga kababaihan na mabuo ang pambansang kamalayan. Likas sa kababaihan ang pagiging mapang-aruga. Sa kanyang katangiang ito, laging hangad ng kababaihan ang kapayapaan. Ito ang mahalagang ambag ng kababaihan. Layunin ng kababaihan na maipaloob ang ideolohiya ng kapayapaan sa ating pamahalaan at sa ating lipunan. Sa harap ng mga nagtutunggaling puwersa sa ating bayan, dasal ko ay matamasa natin ang tunay at ganap na kapayapaan

## Endnotes

[1]Lilia Quindoza Santiago, "Ang Kababaihan at Pag-aaral ng Panulaan sa Pilipinas." (Unpublished Ph.D. dissertation, University of the Philippines, 1990), pp.176-177.

[2] ibid., p.182.

[3] ibid., p.184.

[4] David Strutevant. Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940. Ithaca: Cornell University Press, 1976. pp.290-291.

[5] Ma. Luisa Camagay. "Encarnacion Alzona: Isang Antolohiya." Isang Proyekto na Isinagawa sa tulong ng Office of Research Coordination, 1988. p.118.

[6] ibid. pp.139-140.

[7] Women's Role in Philippine History. Papers and Proceedings of the Conference Held on 8-9 March 1989. Published by the University Center for Women's Studies. p.79.

[8] ibid., p.84.

[9] ibid., p.85.

[10] Santiago, op. cit., p.220.

[11] Women's Role in Philippine History. p.98.

[12] ibid., p.104.

[13] Belinda Aquino."Women and Politics in the Philippines." (Paper Submitted to the Project on Women and Politics Worldwide, Hubert Humphrey Institute, Center for Women and Public Policy, University of Minnesota, July 15, 1990.), p.19.

[14] ibid., p.20.

## Sanggunian

Aquino, Belinda

1990 "Women and Politics in the Philippines." Paper submitted to the Project on Women and Politics Worldwide, Hubert Humprey Institute, Center for Women and Public Policy, University of Minnesota, July 15, 1990, p.19-20.

Camagay, Ma. Luisa T.

1988 "Encarnacion Alzona: Isang Antolohiya." Isang proyekto na isinagawa sa tulong ng U.P. Office of Research Coordination, pp. 118, 139-140.

Santiago, Lilia Quindoza

1990 "Ang Kababaihan at Pag-aaral ng Panulaan sa Pilipinas." Unpublished Ph.D. dissertation, University of the Philippines, pp.176-177, 182, 184 & 220.

Sturtevant, David

1976 *Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940.* Ithaca: Cornell University Press, pp. 290-291.

*Women's Role in Philippine History*

1989 Papers and proceedings of the conference held on 8-9 March, 1989. Quezon City: University Center for Women's Studies, pp. 79, 84-85, 98 & 104.